

Si Noah At Ang Baha

(Genesis 6:9 - 9:17)

Dumami na ang mga tao sa daigdig nang panahong iyon. Nakita ng Diyos na laganap na ang kasamaan ng tao sa daigdig, at puro kasamaan na lamang ang palagi nilang iniisip.



Kaya't labis na ikina-lungkot ng Diyos na nilikha pa niya ang tao. Sinabi Niya, "Wawasakin ko ang lahat ng taong aking nilikha. Wawasakin ko rin ang lahat ng hayop at mga ibon. Ikinalulungkot Kong nilikha Ko pa ang mga ito." Ngunit si Noah ay naging kalugud-lugod sa Diyos. Siya lamang ang matuwid at mabuting tao nang panahong iyon. Namuhay siya ayon sa kalooban ng Diyos.

Maliban kay Noah, ang lahat ng tao ay puro masama sa paningin ng Diyos at laganap ang karahasan sa lahat ng dako. Ito ang kalagayang nakita ng Diyos sa buong daigdig.

Sinabi ng Diyos kay Noah, "Napagpasyahan ko na wasakin ang lahat ng tao sa daigdig sapagkat umabot na sa sukdulan ang kanilang kasamaan. Gugunawin Ko sila kasma ng daigdig."

Kaya inutusan ng Diyos si Noah na gumawa ng isang malaking barko. Sinabi ng Diyos na isama niya ang kanyang asawa at mga anak na lalaki, pati mga asawa nila at pumasok barko.

Magsasakay sila ng isang lalaki at isang babae ng bawat uri ng hayop at ibon upang magpatuloy ang lahi nila. Pinaghahanda rin siya ng lahat ng uri ng pagkain para sa kanila. At ginawa nga ni Noah ang bawat inutos ng Diyos.

Pagkaraan ng pitong araw, bumaha nga sa buong daigdig. Nabuksan ang lahat ng bukal sa ilalim ng lupa at ganun din ang mga bintana ng langit. Bumuhos ang ulan sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi.

Lumaki ang tubig at lumutang ang barko. Patuloy na lumaki ang tubig hanggang sa lumubog ang lahat ng matataas na bundok. Namatay ang bawat

may buhay sa lupa—mga ibon, maaamo at maiilap na mga hayop, lahat ng gumagapang sa lupa, at lahat ng tao.

Hindi nawaglit sa isipan ng Diyos si Noah at ang lahat ng hayop na kasama niya sa malaking barko. Kaya pinaihip Niya ang hangin, at nagsimulang bumaba ang tubig. Huminto ang mga bukal at tumigil ang pagbuhos ng ulan. Patuloy na bumaba ang tubig hanggang lumitaw ang tuktok ng mga bundok.

Binuksan ni Noah ang bintana ng barko at siya ay nagpalipad ng isang uwak. Ito'y nagpabalik-balik hanggang matuyo ang tubig sa lupa. Pagkatapos nito, pinalipad naman niya ang isang kalapati upang tingnan kung wala nang tubig ngunit bumalik ito at muling ipinasok ni Noah sa barko. Ilang araw ang lumipas ay muli niyang pinalipad ang kalapati. Pagbalik nito kinagabihan, ito'y may tangay nang sariwang dahon ng olibo. Nagpalipas ng pitong araw si Noah saka pinalipad muli ang kalapati. Hindi na ito nagbalik.

Inalis ni Noah ang takip ng barko at nakita niyang natutuyo na ang lupa. Pinalabas na ng Diyos si Noah, ang kanyang pamilya, gayun din ang mga hayop na kasama nila. Sinabi ng Diyos na hayaan niya silang dumami at manirahan sa buong daigdig.

Si Noah ay nagtayo ng altar upang makapaghandog sa Diyos. Nasiyahan ang Diyos sa kanyang handog.

Nangako ang Diyos kay Noah at sa kanyang pamilya at pati na sa kanilang magiging mga anak, gayon din sa lahat ng mga bagay na may buhay sa paligid nila. "Kailanman ay hindi ko na wawasakin sa pamamagitan ng baha ang lahat ng may buhay. Wala nang baha na gugunaw sa daigdig." At bilang tanda ng Kanyang pangako, pinalitaw ng Diyos sa ulap ang isang bahaghari.

Ang Diyos ay ating tagapagligtas. Niligtas Niya si Noah at ang kanyang pamilya mula sa kapahamakan. Nakinig at sinunod ni Noah ang inutos ng Diyos na gumawa ng malaking barko. Ikaw ba ay nakikinig at sumunod sa mga salita ng Diyos?

